
# KASALANAN, ANG EBANGHELYO, AT ANG KAUTUSAN



Aralin 9 para sa ika-30 ng Mayo, 2026



"Hindi ko kalilimutan kailan man ang mga tuntunin mo; sapagka't sa pamamagitan ng mga yaon ay binuhay mo ako. Ako'y iyo, iligtas mo ako, sapagka't aking hinanap ang mga tuntunin mo"


(Awit 119:93,94)

Tanggapin man natin ito o hindi, ang kasalanan ay problemang nakakaapekto sa ating lahat, sinisira ang ating relasyon sa Dios: “Sapagka't ang lahat ay nangagkasala nga, at hindi nangakaabot sa kaluwalhatian ng Dios” (Rom. 3:23).




Paano natin aayusin ang gap na ginawa ng kasalanan sa pagitan natin at ng Dios? May ilang nagpropose ng dalawang solusyon sa problema: ang Kautusan lang (kaligtasan sa pamamagitan ng gawa, maling pag-unawa sa tungkulin ng Kautusan); o Ebanghelyo lang (kaligtasan sa pananampalataya, inaalis ang Kautusan).

Sa tamang pagkaunawa, ang Kautusan at Ebanghelyo ay hindi magkalaban; sa halip, sila ay nagtutulungan sa ating pakikipaglaban sa kasalanan. Bawat isa ay may tungkulin.



- Umiwas sa tukso
- Paraan upang maiwasan ang kasalanan

**KASALANAN**



- Ang Kautusan at Kasalanan

**KAUTUSAN**



- Ang Ebanghelyo at Kautusan
- Itinayo sa Bato

**EBANGHELYO**



# KASALANAN



# UMIWAS SA TUKSO

"Kundi ang bawa't tao ay natutukso, pagka nahihila ng sariling masamang pita at nahihikayat." (Santiago 1:14)




Tinatawag ni Santiago ang tumututol sa tukso na "mapalad" (San 1:12). Nililinaw nya na ang tukso ay hindi galing sa Dios (Santiago 1:13), ngunit ito ay bumabangon mula sa sarili nating pagnanasa (Santiago 1:14) .



Binabanggit ni Pablo ang "manunukso" (1 Tes. 3:5), na kinilala ni Jesus na si Satanas (Mateo 4:3,10). Siya ang pinakanakakaalam ng ating kahinaan upang magkasala tayo. Huwag nating kalimutan na tayo ay nakalahok sa pandaigdigang gyera sa pagitan ni Kristo at ni Satanas, at gagawin ng manunukso ang lahat upang mapalayo tayo kay Kristo.





Malinaw na halimbawa si Samson ng taong bumigay sa tukso dahil pinagustuhan nya ang kanyang emosyon, kahit alam nyang salungat ito sa kalooban ng Dios (Hukom 14:1-3; 16:1, 4).

Paano iwasan ang tukso? Sa paghanap sa Dios (Mt. 6:33); paggugol ng panahon kasama Sya (Mk. 14:38); pagkakaroon ng sanggalang (Efe. 6:16).

# MGA PARAAN UPANG MAIWASAN ANG KASALANAN

"At kung ang mata mo'y makapagpapatisod sa iyo, ay dukitin mo: mabuti pa sa iyo ang pumasok sa kaharian ng Dios na may isang mata, kay sa may dalawang mata kang mabulid sa impierno." (Marcos 9:47)

Nag-iwan si Jesus ng malinaw na panuto upang makaiwas sa kasalanan:



Umiwas sa mga bagay na magdadala sa iyo sa kasalanan (Marcos 9:43; Job 23:12). Halimbawa, pagbili ng nakakalasing na inumin.

Umiwas sa mga lugar na maari kang magkasala (Marcos 9:45; Job 23:11). Halimbawa, pagpunta sa nightclub.

Umiwas sa mga panoorin na makakadala sa pagkakasala (Marcos 9:47; Job 31:1). Halimbawa, panonood ng video na may malaswang bahagi.



Sa madaling sabi, gawin mo ang lahat upang maiwasan ang kasalanan at huwag matukso. Ipanalangin ito.

1. Huwag mong isipin na matatag ka (1 Cor. 10:12)
2. Ihinto ang pagsabi sa iba kung gaano ka kagaling, maging mababa gaya ni Jesus (Mt. 6:2)
3. Gawin ang kailangan upang mawala ang kalibugan sa iyong puso (Mt. 5:28-29)
4. Itigil ang pagpuna at paghuhusga sa iba (1 Cor. 4:5)
5. Huwag kamuhian ang iyong mga kaaway, ngunit ipanalangin sila (Mt. 5:44)
6. Ihinto ang pagiging galit sa mga nasa palibot mo (Mt. 5:22)





# KAUTUSAN III

# ANG KAUTUSAN AT KASALANAN


"Ang sinomang gumagawa ng kasalanan ay sumasalangsang din naman sa kautusan: at ang kasalanan ay ang pagsalangsang sa kautusan." (1 Juan 3:4)





Ang relasyon ng Kautusan sa kasalanan ay namimisinterpret ng ilan na nag-iisip na mapapawalang sala sila sa pagsunod sa Kautusan (Gal . 5:4). Ang iba naman ay nasa dulo ng kabaliktaran, iniisip nila na inalis na ang Kautusan.

Ang problema ay dahil sa pag-iisip na ang Kautusan ay may kaugnayan sa kaligtasan, maging ito man ay paraan o hadlang sa kaligtasan. Ngunit ang tungkulin ng Kautusan ay hindi upang magligtas. Eh, ano ang tungkulin nito?





Ipinapakita ng Kautusan ang kasalanan sa atin (1 Juan 3:4). Kung walang kautusan, hindi natin malalaman kung ano ang kasalanan (Roma 7:7) at, kaya, hindi tayo maghahanap ng solusyon (Galacia 3:24).

Malayo sa pagiging pahirap, ang Kautusan ay pangbakod na proteksyon upang huwag tayong magdusa sa bunga ng kasalanan (1 Jn 5:3; Aw. 1:1-3).



# EBANGHELYO



# EBANGHELYO AT ANG KAUTUSAN

*"Kaya nga maipasisiya natin na ang tao ay inaaring-ganap sa pananampalataya na hiwalay sa mga gawa ng kautusan."* (Roma 3:28)



Ang ating kaligtasan (kapatawaran ng ating mga kasalanan at buhay na walang hanggan) ay matatanggap sa pamamagitan ng ginawa ni Jesus sa atin sa krus (Gal. 3:13). Ito ang nag-uudyok sa atin na mahalin si Jesus (1 Juan 4:9, 19). At ipinapakita natin ang pag-ibig na ito sa pagsunod sa Kanyang mga utos (Juan 14:15).

Balikan natin ang relasyon ng Kautusan at Ebanghelyo (iyon ay, kaligtasan sa pamaamgitan ng dugo ni Jesus):

Ipina-paliwanag ng Kautusan kung ano ang kasalanan

Kung magkasala tayo, nakatakda tayong mamatay ng walang hanggan

Hindi kaya ng Kautusan na magpatawad ng kasalanan

Nagdusa si Jesus ng kamatayan upang magbayad para sa ating mga kasalanan

Kung tinatanggap natin ang sakripisyo ni Jesus, napapatawad ang ating mga kasalanan

Kung napatawad na, sumusunod tayo sa Kautusan upang huwag magkasala ulit (1 Juan 2:1)

Hindi inisip ni Jesus na alisin ang Kautusan, ngunit pagtibayin ito (Mt. 5:17). Ang Kautusan at Ebanghelyo ay repleksyon ng mismong karakter ng Dios: pag-ibig.

# NAITAYO SA BATO

"Kaya't ang bawa't dumirinig ng aking mga salitang ito at ginaganap, ay matutulad sa isang taong matalino, na itinayo ang kaniyang bahay sa ibabaw ng bato." (Mateo 7:24)



Kasama sa pagtanggap sa Dios ang pagsunod sa proseso. Ang unang hakbang ay kaalaman. Dapat natin malaman na merong pwedeng tumubos sa atin (Rom. 10:14).

Ngunit hindi tayo maliligtas ng kaalaman lang. Inihambing ni Jesus ang mga nakaalam ng kaligtasan ngunit hindi isinakabuhayan ang mga prinsipyo ng ebanghelyo sa taong nagtatayo ng bahay sa buhanginan "at dakila ang pagbagsak nito" (Mateo 7:26-27).





Dapat masabayan ang kaalaman ng matibay na kilos (Mt. 7:24-25). Tayo ay napawalang sala hindi dahil sa pagsunod sa kautusan (Rom. 3:28), ngunit kailangang sumunod tayo sa kautusan bilang bunga ng ating pagkaligtas (Mt. 7:18-21).

Kung tinanggap natin si Jesus at mamuhay na malapit sa Kanya, sumusunod sa Kanyang mga utos, nagtatayo tayo ng bahay sa Bato.

“Ipinapahayag ng kautusan sa tao ang kanyang kasalanan, ngunit hindi ito nagbibigay ng solusyon. Habang nangangako ito ng buhay sa masunurin, ipinapahayag nito na kamatayan ang bahagi ng susuway. Ang ebanghelyo lang ni Kristo ang makakapalaya sa kanya mula sa parusa at dumi ng kasalanan. Dapat syang magsisi sa Dios, dahil nasuway ang Kanyang Utos; at manampalataya kay Kristo, sa Kanyang sakripisyo. Sa ganitong paraan “mapapatawad ang kasalanang nagawa” at magiging kabahagi ng banal na likas.”

EGW (The Great Controversy, p. 467)